



# GVROs

Mga Utos sa Pagpigil sa Karahasan ng Baril  
(Gun Violence Restraining Orders)

## Sino ang maaaring humiling ng GVRO?

- Miyembro ng pamilya
- Mga miyembro ng sambahayan, mga kasama sa kwarto
- Ilang mga amo, kasamahan, guro, kawani sa paaralan
- Mga taong kasangkot sa isang relasyon sa pakikipag-date
- Magkasamang nagkaroon ng anak
- Tagapagpatupad ng batas

## Bakit maaaring kailanganin ng isang tao ang GVRO?

Ang GVRO ay maaaring makatulong kung ang isang tao ay nasa krisis at nagpapakita ng mga palatandaan na maaari nilang saktan ang kanilang sarili o ang iba. Ang isang tao na may akses sa mga baril ay nagpapataas ng panganib ng kamatayan at pinsala para sa kanilang sarili at sa iba.

## Ano ang ginagawa ng GVRO?

- Tinatanggal ang mga baril/bala mula sa isang indibidwal na nagdudulot ng panganib sa kanilang sarili o sa iba.
- Nagbibigay ng oras para sa rumorosponde na humingi ng suporta.
- Nagbibigay ng oras sa tagapagpatupad ng batas upang humiling ng 1 hanggang 5 taong utos sa pagpigil (restraining order).

## Mga uri ng GVRO

- Ang **Pang-emerhensiyang Proteksyon na GVRO** ay maaari lamang makuha ng tagapagpatupad ng batas.
- Ang **Pansamantalang GVRO** ay maaaring ihain ng sarili sa pamamagitan ng pag-fill-out at pagsusumite ng lahat ng kinakailangang form sa korte. Ang mga form ay libre at magagamit online at sa anumang Mataas na Hukuman ng LA County.
- Ang GVRO ay pansamantala hanggang sa aprubahan ng hukom ang utos para sa isang takdang panahon.

## Ano ang GVRO?

Ang Utos sa Pagpigil sa Karahasan ng Baril [Gun Violence Restraining Order (GVRO)] ay maaaring pumigil sa isang tao na magkaroon, magmay-ari, o bumili ng mga sandata (baril), mga bahagi ng baril, bala, o magasin.

Ang GVRO ay maaaring makuha ng pulis, mga miyembro ng pamilya, kinakasama, kasama sa bahay, amo, katrabaho, at opisyal ng paaralan.

Ang GVRO ay nag-aalis ng mga baril at/o mga bala sa loob ng 21 araw at hanggang 5 taon mula sa mga indibidwal na nasa panganib na saktan ang kanilang sarili o ang iba.

## Paano makakakuha ng GVRO:

1

Sa isang EMERHENSIYA, mangyaring tumawag sa 911. Tanging ang tagapagpatupad ng batas lamang ang maaaring makakuha ng Pang-emerhensiyang Proteksyon na GVRO (Emergency Protective GVRO).

2

Para sa isang Pansamantalang GVRO at kung ikaw ay komportable, bisitahin ang iyong lokal na estasyon ng pulis o anumang Mataas na Hukuman ng Los Angeles County  
<https://www.lacourt.org/courthouse>

3

Ang tulong ay makukuha rin sa:

- Legal na Tulong ng Los Angeles (Legal Aid of Los Angeles) <https://lafla.org/>
- Mga Hukuman ng CA - Patnubay sa Pagtulong sa Sarili (CA Courts – Self Help Guide) <https://selfhelp.courts.ca.gov/GV-restraining-order>

## Kailangan ng tulong sa pagsasaliksik ng GVRO? Nandito ang OVP para tumulong.

Makipag-ugnayan sa GVRO Navigator ng OVP

✉ [ovp\\_gvro@ph.lacounty.gov](mailto:ovp_gvro@ph.lacounty.gov)

☎ 833.540.0473

